TI`KIJAN:
ANG IBONG MALAYA

Sa isang lugar, ipinanganak at nakatira ang magkapatid na inchonsan at kulittanay.

Kilala sila na masipag magsaka.

Kapag madaling araw, pumupunta sila sa kabundukan para magsaka.

Sa itaas ng bundok ang sakahan ni kulittanay at sa paanan ng bundok ang kay inchonsan.

Si anus ang nanay nila.

Tuwing tanghali, nagdadala si nanay anus ng pagkain sa bundok para sa magkapatid.

Karne at isda ang ulam ni kulittanay at mga gulay naman ang kay inchonsan.

Isang tanghali, dinalaw ni inchonsan si kulittanay sa kanyang sakahan dala-dala ang kanyang baong gulay.

Paglapit ni inchonsan sa kubo ng kanyang kapatid, nakita nito ang mga pinagkainan ni kulittanay na mga buto

ng isda at karne.

Nagtanong si inchonsan kay kulittanay.

“bakit ang daming buto ng isda at karne dito?”

Sumagot si kulittanay.

“ito ang mga pagkaing dinadala ni nanay anus sa atin, hindi ba?”

Sumama ang loob ni inchonsan sa kanyang narinig at kanyang nasambit.

“gulay lang ang laging dinadala ni nanay sa akin araw araw”.

Akala ni inchonsan, mas mahal ni nanay anus si kulittanay kaysa sa kanya.

Nalungkot siya., nasabi ni inchonsan sa kanyang sarili nang paulit-ulit.

“Kabunyan, puro gulay ang ibinabaon sa akin. Kay kulittanay masasarap na pagkain. Gawin mo akong malaya para ako ay sumaya”at sa isang iglap naging ibon na si inchonsan.

Mula noon, may umaaligid na ibon kay anus kaya nalaman niyang iyong anak pala niyang si inchonsan iyon kaya labis ang kanyang kalungkutan.